**Pamagat**: Ang Matalik na Dios ng Israel (part 2)

**Bible Text**: Amos 6:1 "Woe to them that are at ease in Zion, and trust in the mountain of Samaria, which are named chief of the nations, to whom the house of Israel came!"
*Pagsasalin*: Kahabag-habag sila na nagwawalang-bahala sa Zion, at sila na tiwasay sa bundok ng Samaria, ang mga kilalang tao ng una sa mga bansa, na pinagmulan ng sambahayan ni Israel!

**Panimula**:
1. Nagbitaw ang Dios ng dalawang "woes" (sa aba/kahabag-habag/nakakaawa) ang Panginoon kay Israel. (5:18, 6:1).
2. Ito ay dahil sa rebellion nila sa Panginoon at ito ay ang magiging dahilan kung bakit sila ay sasakupin ng Assyria (6:12-14).

**I. The Day of the LORD (5:16-20)**
A. Dalawang beses na binagit ni Joel ang "Araw ng PANGINOON" (5:18,20). Inilarawan ni Amos ang takot ng araw na iyon.
B. Ang kahulugan nito ay sa araw ng PANGINOON ay walang makakatakas, walang lugar na silang magtago, at walang kanlungan sa kanilang mga kaaway.
C. May dalawang bahagi ang araw ng PANGINOON – (kadiliman – Tribulation at liwanang – Millennial Kingdom) – subalit sa isip ng mga Israelites ay liwanag lang ang hinahanap nila. (v.18)
D. Bagamat nangyari na ang pagwasak ng Assyria sa Israel (722 B.C.) – hindi pa nagaganap ang Araw ng PANGINOON. Ang mga pangyayari sa kasalukuyan natin ay nagpapatunay na malapit ng sumapit ito.

**II. The Disgust of the LORD (5:21-27)**
A. Ang Dios ay naiinis sa maling pagsasamba. Hindi niya tinatanggap ang ano man na ibinibigay natin sa Kanya. (5:21a - Aking kinapopootan, aking hinahamak ang inyong mga kapistahan)
B. Tinawag ng Dios ang kanilang musika na "noise" (ingay). (5:23a - Ilayo mo sa akin ang ingay ng iyong mga awit;)
C. Ang idolatry nila sa ilang ay na-revive at bumalik sila sa pag-sasamba ng mga dios-diosan. (5:25)
D. False gods (v.26): Moloch (Lev. 18:21; 20:2-5 – Molech ay parehas); Chuin (Baalpeor – Num. 25:3,5; Deut. 4:3; Ps. 106:28; Hos. 9:10). The star of your god – Balik ulit sila sa Babylon-ism.
E. Ganito ba ang mga nangyayari sa kapanuhan natin? Self-worship; Idol-worship. Tinatanggap bai to ng Panginoon?

**III. The Decision of the LORD (6:1-14)**
A. Binanggit ni Amos ang tatlong geographic locations: Calneh, Hammath, and Gath. – Akala ba ng Israel na sila ay mas-safe compared sa tatlong mga lungsod na ito? (v.2)
B. Sila na sanay sa sarap-buhay, pero si Amos ay sanay sa hirap. Akala nila sila ay okay, pero ang wakas nila ay "destruction" (kawasakan). (6:7 – "captive" – pagkabihag)
C. Dito ay isang pahiwatig ng Dios na ang cremation ay hatol ng Dios (v.10).
D. Ang buong bansa ng Israel mula sa Hamath hanggang sa ilalim ng Southern Canaan ay madadamay.

**Katapusan**:
1. Ang kapanahunan ng Israel ay nasa pinaka-successful times ni King Jeroboam II.
2. Ngunit ang eksena ng tagumpay ay mauuwi sa eksena ng kapighatian.
3. Sa pagkat sa ilalim ng mga ilang dekada ay sasakupin sila ni Tiglath-pileser III – at mawawasak ang Israel.
4. Nawa matutunan natin na mahalin ang Dios – yun Malatalik na Dios ng Israel.